Mga Katanungang Madalas Itanong


# Tuberkulosis

## 1. Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang TB ay sanhi ng mga mikrobyong tinatawag na bakterya. Karaniwang naaapektuhan ng TB ang mga baga. Maaari itong magamot sa pamamagitan ng reseta ng gamot na ibinigay ng doktor.

Maririnig mo ang dalawang terminong ito tungkol sa TB: **impeksyon na nakatagong TB (Latent TB) at Aktibong sakit sa TB**.

Kahit sino ay maaaring magkaroon ng TB. Mas malamang na magkaroon ka ng impeksyon ng TB kung nakakasama ka ng taong may sakit na TB, kamakailan ka lamang dumating sa Amerika mula sa isang bansang na maraming kaso ng TB, o kung naglalaan ka ng oras sa sitwasyon ng pamumuhay kasama ng grupo (group living situation). Mas malamang na magkaroon ka nito kung mayroon kang impeksyon ng TB at ikaw ay: napakabata o matanda na, may problema sa paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot, o may kondisyong medikal na nagpapahina sa iyong Sistema ng imyunidad, tulad ng HIV, diyabetis, o kanser.



## 2. Paano kumakalat ang TB?

Ang TB ay kumakalat sa hangin mula sa isang tao patungo sa iba. Kumakalat ang mga mikrobyo ng TB kapag ang isang taong may aktibong sakit ng TB ay umuubo, bumabahin, nagsasalita, kumakanta, o tumatawa. Ang sinumang malapit sa may sakit ay maaaring makalanghap (huminga papasok) ng mga mikrobyo ng TB. Hindi ka mahahawa ng TB mula sa mga damit, pinggan, pagkain, o sa direktang kontak ng katawan sa isang taong may TB. Ang transmisyon ng TB ay karaniwang nauugnay sa matagal o madalas na pakikisalamuha sa isang taong may aktibong sakit sa TB.

## 3. What are the symptoms of active TB disease?

- Pag-ubo ng higit sa 3 linggo
- Panghihina
- Pananakit ng dibdib
- Pagpapawis sa gabi
- Walang ganang kumain
- Pagbaba ng timbang
- Lagnat
- Panginginig sa ginaw
- Pag-ubo ng dugo o plema

## 4. Paano ka magpapasuri para sa TB?

Ang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB (skin o blood test) ay ginagamit upang malaman kung ang isang tao ay may nakatagong impeksyon sa TB (latent TB). Para sa pagsusuri sa balat, ang kaunting dami ng likido (solusyon ng tuberculin) ang ini-iniksiyon sa ilalim ng balat sa braso. Pagkatapos, 2-3 araw kinalaunan, susuriin ng isang tagapagkaloob (provider) ng pangangalagang pangkalusugan kung may reaksyon sa likido. Maaaring tumagal ng 8-10 linggo matapos malantad sa mikrobyo bago magpakita ng reaksyon ang iyong katawan sa pagsusuri sa balat para sa TB. Ang iba pang mga pagsusuri ay nagpapakita kung ikaw ay mayroong sakit na TB.

## 5. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng "positibong" pagsusuri?

Ang isang positibong pagsusuri sa TB ay nagpapakita na ang mikrobyo ng TB ay naroroon sa katawan ng tao ngunit hindi natutukoy ang aktibong sakit sa TB. Kung positibo ito, ang iba pang mga pagsusuri, tulad ng isang x-ray ng dibdib, ay isasagaawa upang makita kung ito ay nakatagong impeksyon sa TB (latent TB) o aktibong sakit sa TB. Ang mga karagdagang pagsusuri ay ipinagkakaloob sa mga taong nagpositibo sa mga pagsusuri sa TB. Depende sa mga resulta, maaaring hilingin sa iyo na magpasuri muli sa loob ng ilang buwan, o maaaring bigyan ka ng panggamot para sa impeksyon sa TB.

### Mga Termino ngTuberkulosis (TB)

**Impeksyon na Nakatagong TB (Latent TB)**
Isang kondisyon kung saan naroroon ang mga mikrobyo ng TB sa katawan ngunit hindi aktibo. Ang mga taong may nakatagong impeksyon ng TB (latent TB) ay walang sintomas, hindi nakakaramdam ng sakit, at hindi naipapasa ang TB sa iba.

**Aktibong Sakit sa TB**
Isang karamdaman na sanhi ng pag-atake ng mga bakterya ng TB sa isang bahagi ng katawan, karaniwang sa mga baga. Ang isang taong may aktibong sakit sa TB ay maaaring magkalat ng mga mikrobyo ng TB sa iba.

### Para sa mas Marami Pang Impormasyon

**Programa sa Pagkontrol ng Tuberkulosis**
http://publichealth.lacounty.gov/tb/index.htm
(213) 745-0800

Rev 3/3/2025

### 6. Paano ginagamot ang aktibong sakit na TB?

Ang sakit sa TB ay maaaring gamutin gamit ang iba't ibang gamot laban TB. Tumatagal nang hindi bababa sa 6 na buwan hanggang 1 taon upang mapuksa ang sakit sa TB sa iyong katawan. Napakahalaga na inumin ang lahat ng gamot laban sa TB ayon sa iskedyul. Kung hindi mo iniinom ng tama ang mga gamot, ang mga mikrobyo ay maaaring maging mas mahirap na mapupuksa. Kung ititigil mo ang pag-inom ng mga gamot nang masyadong maaga, maaari kang magkasakit muli.

### 7. Maaari bang gamutin ang nakatagong impeksyon sa TB?

Oo. Matutulungan ka ng iyong tagapagkaloob (provider) ng pangangalagang pangkalusugan na hanapin ang gamot na pinakamainam para sa iyo. Kung mayroon kang impeksyon sa TB, maaari kang uminom ng gamot upang makatulong na mapigilan ang pagkakaroon ng sakit sa TB sa hinaharap. Depende sa uri ng paggamot, maaaring umabot ng 3-6 buwan upang mapuksa ang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.

### 8. Dapat bang ipagbawal sa paaralan o trabaho ang isang taong may sakit na TB?

Ang mga taong may aktibong sakit na TB ay maaaring makapagkalat ng mikrobyo ng TB sa pamilya at mga kaibigan. Kung ikaw ay may aktibong sakit na TB, maaaring kailanganin mong umiwas sa ibang tao hanggang sa hindi ka na makakapagkalat ng mikrobyo ng TB. Ang tamang pag-inom ng iyong mga gamot ay magpapaiikli sa panahon na kailangan mong humiwalay sa iba.

Ang mga taong may nakatagong impeksyon sa TB (latent TB) ay hindi nakakahawa at hindi nakakapagkalat ng TB sa iba. Dahil dito, ang pagpunta sa paaralan at trabaho ay ligtas.

### 9. Ano ang papel ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County sa pagkontrol sa pagkalat ng TB?

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County ay nakikipagtulungan sa inyong mga doktor upang masigurado na mayroon silang kasalukuyang mga pamamaraan sa pananala, pagsusuri, at paggamot para sa TB. Kapag may taong naiulat na may aktibong sakit na TB sa Pampublikong Kalusugan, ang aming kawani ay nagsasagawa ng pagtatasa (evaluation) na kinabibilangan ng pagtukoy at pananala sa mga indibidwal na maaaring nalantad sa aktibong sakit na TB.



### 10. Paano mapipigilan ang TB?

*Kung WALA kang aktibong sakit na TB*

- Iwasan ang matagal na pananatili sa masikip na lugar kasama ang mga taong may aktibong sakit ng TB o kaya ay mga taong kakasimula pa lamang ng paggagamot.
- Itanong sa iyong nagkakaloob na manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan para sa isang pagsusuri sa TB kung nakasama mo nang matagal ang isang taong may sakit na TB. Kung negatibo ang resulta ng iyong pagsusuri sa TB, magpasuring muli pagkatapos ng 2-3 buwan.

*Kung MAYROON kang aktibong sakit sa TB*

- Inumin nang tama ang lahat ng iyong mga gamot.
- Laging takpan ang iyong bibig kapag umuubo at/o bumabahin.